

**Batas ng Kalusugang Pangkaisipan ng 2007**  
(Mental Health Act 2007)

**Talaang 3A Pahayag ng mga karapatan sa mga boluntaryong pasyente**  
( Schedule 3A Statement of rights for voluntary patients)

(Seksyon 74A (3))

**Ang Pahayag ng mga Karapatan**

**Ang inyong mga karapatan**

Dapat niyong basahin ang mga katanungan at kasagutan sa ibaba upang malaman ang inyong mga karapatan at kung ano ang maaaring mangyari sa inyo kung kayo ay magiging pasyente sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan.

**Ano ang mangyayari sa aking pagpapagamot sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?**

Dapat sabihin sa inyo ng mga kawaning medikal ang tungkol sa inyong panggagamot, mga alternatibong panggagamot at ang mga epekto ng panggagamot kung itatanong ninyo. Dapat din nilang sabihin ang mga plano sa pagpapagamot at pagpapagaling para sa patuloy na pag-aalaga sa inyo at kunin ang inyong pagsang-ayon, kung kaya ninyong pumayag.

Maaari ninyong tanggapin o tanggihan ang anumang panggagamot at maaari kayong humintong sumang-ayon sa isang panggagamot anumang oras. Hindi kayo dapat bigyan ng labis o di-akmang mga gamot.

**Sino pa ang maaaring nasa loob ng isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?**

Ang ibang mga pasyente sa loob ng pasilidad ng kalusugang pangkaisipan ay maaaring labis na maysakit at pinananatili at inaalagaan sa loob ng pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang walang pagsang-ayon mula sa kanila.

**Paano ako makakalabas sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan?**

Maaari kayong umalis sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan kahit anong oras ngunit kailangang sabihin sa isang kawani na gusto na ninyong lumabas. Maaari rin kayong palabasin ng namamahalang doktor o ibang awtorisadong doktor kung sa kanilang palagay ay hindi na kayo matutulungan pa ng pag-aalaga o panggagamot bilang isang pasyente.

**Kailan ako mapananatili sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang labag sa aking kalooban?**

Maaari kayong mapanatili sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang labag sa inyong kalooban kung napatunayan ng doktor ng pasilidad na kayo ay may sakit sa pag-iisip o naguguluhan sa pag-iisip. Maaari kayong panatilihin nang hanggang 2 oras nang labag sa inyong kalooban upang matingnan kayo ng doktor sa pasilidad upang makagawa ng isang patunay tungkol sa inyo.

Ang isang taong may-sakit sa pag-iisip ay may problema sa pag-iisip at kailangang mapanatili sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan para as kanilang pansariling proteksyon at proteksyon ng ibang tao. Ang isang taong naguguluhan sa pag-iisip ay isang taong may mga pag-aasal na kinakailangang mapanatili sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang sandaling panahon para sa kanilang proteksyon at proteksyon ng ibang tao.

Hindi kayo maaaring patuloy sa panatilihin ng pasilidad nang laban sa inyong kagustuhan kung walang isa pang doktor na nagsasabing kayo ay may-sakit sa pag-iisip o naguguluhan sa pag-iisip. Ang isa sa mga doktor na tumingin sa inyo ay dapat isang sikyatrista (psychiatrist).

### **Mayroon bang pagrerepaso sa mga desisyon tungkol sa akin o tungkol sa aking kaso?**

Kung ang isang doktor sa pasilidad ng kalusugang pangkaisipan na hindi superintendenteng doktor ay ayaw kayong tanggapin bilang isang boluntaryong pasyente o nagpasyang paalisin kayo sa pasilidad, maaari ninyong hilingin sa superintendenteng doktor sa pasilidad na repasuhing muli ang desisyong ito.

Kung kayo ay isang pasyente sa isang pasilidad ng kalusugang pangkaisipan nang mahigit sa 12 buwan, ang Mental Health Review Tribunal ay magrerepaso sa inyong kaso at titingnan niya kung kayo ay sumang-ayong manatili bilang isang pasyente. Ang Tribunal ay maaaring magpasya na kayo ay palabasin pagkatapos marepaso ang inyong kaso.

### **Mabibigyan ba ako ng “electro convulsive therapy” (ECT) nang labag sa aking kalooban?**

Hindi.

### **Kanino ako maaaring makahingi ng tulong?**

Makakahingi kayo ng tulong sa sinumang kawani ng pasilidad, panlipunang tagatulong (social worker), doktor, tagabisitang opisyal (official visitor), pari (chaplain), sariling abogado o sa Serbisyong Tagataguyod sa Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health Advocacy Service). Ang telepono ng Serbisyong Tagataguyod sa Kalusugang Pangkaisipan ay: 9745 4277

### **Maaari ba akong makipagkita sa isang opisyal na tagabisita?**

Maaari kavong magtanong sa sinumang kawani ng pasilidad kung pwede kayong makipagkita sa isang opisyal na tagabisita. Ang kawani ang mag-aayos sa pagbisita ng isang opisyal na tagabisita..

### **Maaari bang maging kinatawan ko ang isang kaibigan o kamag-anak?**

Maaari kayong humirang ng hanggang 2 tao bilang inyong tagapag-alaga, kabilang ang isang tao na inyong pangunahing tagapag-alaga, habang kayo ay nasa loob ng pasilidad ng kalusugang pangkaisipan. Ang inyong hinirang na tagapag-alaga o pangunahing tagapag-alaga ay makakahingi ng impormasyon para sa inyo at aabisuhan kung kayo ay pananatilihin sa isang pasilidad, ililipat o palalabasin at sasabihan tungkol sa iminumungkahing mga natatanging panggagamot sa kalusugan ng pag-iisip. Kayo at ang inyong hinirang na tagapag-alaga at iba pang tao na pangunahin ninyong tagapag-alaga ay mayroon ding karapatan na mabigyan ng impormasyon tungkol sa mga susunod na pangangalaga kung kayo ay mapapalabas na.